ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ESTRUKTURA AT GAMIT NG WIKA SA MGA MAGSASAKA, MANGINGISDA, AT SIMBAHAN: ISANG SOSYOLINGGUWISTIKONG PAG-AARAL NG MGA REHISTRO NG WIKA

Marilou L. Grullo[1], Joyce Madredijo[2], Cindy M. Muñez[3], Rose-Ann S. Vasquez[4]
[1]*Maasin National High School, Maasin City, Southern Leyte*
[2]*Fr. Justin Russolillo School of Ichon, Inc., Ichon, Macrohon, Southern Leyte*
[3]*Maasin National High School, Maasin City, Southern Leyte*
[4]*Fr. Justin Russolillo School of Ichon, Inc., Ichon, Macrohon, Southern Leyte*

ABSTRACT
The aim of this study is to analyze the language registers of farmers, fisherfolk, and the church community in Maasin, Southern Leyte, Philippines particularly focusing on the meanings of the collected words in the three social contexts, and to present their structure based on word form and part of speech. This research employs a qualitative design, with participants composed of farmers, fisherfolk, and individuals active in the church, selected through purposive sampling. Twenty participants were chosen for each social context. The main instruments for data collection were semi-structured interviews, field notes, and a voice recorder. The study found that there are differences in meaning depending on context, as well as similarities and differences in word formation. Most of the words gathered were root words and affixed words. The collected terms comprised different parts of speech, specifically nouns, verbs, and adjectives. The research revealed that the language registers used in the sectors of farming, fishing, and church have distinct lexical and morphological features that reflect their daily activities, beliefs, and social interactions. The variations in meaning, word structure, and parts of speech affirm the sociolinguistic principle that language is shaped and developed according to its social context. It is recommended that continued research, documentation, and archiving of language registers in local sectors be undertaken to preserve linguistic richness and prevent the loss of important terms that hold historical and cultural significance.
KEYWORDS: *Affixed Words; Morphological; Noun; Root Words; Verbs*

1.0 INTRODUKSIYON

Ang rehistradong (register) wika ay tumutukoy sa mga varayting kaugnay ng panlipunang papel na ginagampanan ng tagapagsalita sa oras ng pagpapahayag. Ang register ay itinuturing na kabilang sa pansamantalang varayti ng wika ay kaugnay sa sitwasyon na ginagamit mode at estilo.

Ang pagpapalaganap at pagpapalinang sa katutubong wika ay itinuturing ng mga mananaliksik na isang malaking hamon sa kasalukuyan. Hamon sapagkat maraming mga naglipanang katawagan o wika ng mga GenZer na nahuhumaling nang husto ang mga kabataan. Ayon sa *Endangered Languages Programme* ng UNESCO (2014), ang pagkawala ng mga katutubong wika ay maaaring humantong sa tuluyang paglaho ng mahalagang yaman ng kultura at kaalaman ng ating mga ninuno. Kalakip nito ang panganib na makalimutan ang mga pamana ng mga katutubo, sapagkat ang wika at kultura ay malapit na magkakaugnay at hindi mapaghihiwalay. Kapag nawala ang isang wika, nanganganib ding maglaho ang kultural at espiritwal na diwa ng isang pamayanan.

Sa isang lipunang multilingguwal at multikultural tulad ng Pilipinas, mahalagang maunawaan ang papel ng wika sa iba't ibang kontekstong panlipunan. Ang wika ay hindi lamang daluyan ng komunikasyon kundi isa ring salamin ng kultura, kabuhayan, at pananampalataya ng isang komunidad. Sa ganitong pananaw, mahalaga ang pagsusuri sa rehistro ng wika ang baryasyon ng wikang ginagamit batay sa partikular na larang, gawain, o propesyon upang maipakita kung paano ang wika ay inaangkop ng mga tagapagsalita ayon sa kanilang gampanin at kapaligiran.

Ang mga magsasaka, mangingisda, at ang simbahan ay kumakatawan sa tatlong mahahalagang sektor sa mga pamayanang Pilipino partikular sa Southern Leyte. Ang kanilang paggamit ng wika ay naglalaman ng mga natatanging estruktura, terminolohiya, at gamit na nakaangkla sa kanilang pang-araw-araw na karanasan, paniniwala, at kabuhayan. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong magsagawa ng isang sosyolingguwistikong pagsusuri sa estruktura at gamit ng wika sa tatlong kontekstong nabanggit. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng rehistro ng wika, mabibigyang-linaw kung paano nakaaapekto ang lipunan sa anyo at gamit ng wika, at gayundin kung paanong ang wika ay nagiging instrumento ng pagkakaunawaan, pagbabahagi ng karunungan, at pagpapatuloy ng kultura sa mga lokal na konteksto.
Bukod dito, ang ganitong uri ng pag-aaral ay may malaking ambag sa pagpapayaman ng larangan ng sosyolingguwistika sa Pilipinas lalo sa lungsod ng Maasin City at maaaring maging

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

batayan sa mga programang pang-edukasyon, dokumentasyon ng wika, at lokal na pag-unlad. Sa panahon ng globalisasyon at pagbabago sa anyo ng kabuhayan, ang dokumentasyon ng mga rehistrong ito ay mahalaga upang mapanatili ang mga lingguwistikong yaman ng bansa.

Layunin ng Pag-aaral

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang mga register ng wika ng mga magsasaka, mangingisda at simbahan ng taga-Maasin, Southern Leyte.

Sinagot ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod:

1. Natukoy ang mga register na salitang ginagamit ng mga magsasaka, mangingisda at simbahan at kahulugan nito ayon sa:
2. Nailahad ang estruktura ng wika sa mga register na salita na ginamit ng mga magsasaka, mangingisda at simbahan batay sa:
   2.1 kayarian/Anyo ng salita; at
   2.2 bahagi ng pananalita.

2.0 TEORETIKAL KONSEPTUWAL NA BALANGKAS

Ang Language Register Theory ni Halliday (1985) at Variationist Theory ni Labov (1963) nakaangkla ang pag-aaral na ito. Ipinaliwanag ni Halliday (1985), ang wika ay hindi lamang isang sistema ng mga tuntunin kundi isang sistemang panlipunan na ginagamit upang gampanan ang iba't ibang tungkulin sa lipunan.

Ang kakayahan sa pagkatuto ng wika ay likas na taglay ng tao mula sa kanyang kapanganakan at patuloy itong umuunlad sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanyang kapaligiran. Isa ang wika sa mga pangunahing kasangkapan sa pakikipagtalastasan, at ito ay may iba't ibang barayti. Ang mga barayting ito ay bunga ng pagkakaiba-iba sa lipunan, tulad ng heograpikal na lokasyon, antas ng edukasyon, uri ng hanapbuhay, edad, kasarian, at etnikong pinagmulan. Dahil dito, nagkakaroon ng iba't ibang baryasyon ng wika, na tinatawag na mga varayti, ayon sa pagkakaiba-iba ng mga taong gumagamit nito.

Ipinapahiwatig nito na mahalagang pangalagaan at pagyamanin ang wika upang mas mapalalim ang pag-unawa at pagkatuto rito. Ayon kina Pantorilla, De Lara, at Ijan (2020), ang pagkatuto ng wika ay resulta ng panggagaya, paulit-ulit na pagsasanay, at tuloy-tuloy na paggamit hanggang sa makamit ang sapat na kasanayan sa tamang anyo nito. Samakatuwid, hindi maikakaila ang patuloy na pag-usbong at pag-iral ng iba't ibang varayti ng wika.

Dagdag pa rito, ayon kina Silawan (2025), Cruzada (2024), at Pelesco at Borong (2021), ang wika ay isang makapangyarihang kasangkapan. Ito ay nagsisilbing tulay sa pagkakaunawaan, at nagbibigay ng kapayapaan at katahimikan sa lipunan. Subalit, sa kabilang banda, maaari rin itong magdulot ng polarisasyon o pagkakahating opinyon, lalo na kung ito ay nagagamit sa maling paraan—na maaaring maging sanhi ng hindi pagkakaintindihan at alitan. Tunay ngang ang wika ay buhay nagbabago, umuunlad, at may kapangyarihang bumuo o sumira ng ugnayan.

Ang mga rehistrong wika o espesyalisadong salita ng mga magsasaka, mangingisda, at ng mga taong nagseserbisyo sa simbahan na nakalap sa pananaliksik na ito ay binigyang-kahulugan ng mga mananaliksik, kinategorya ayon sa gamit at konteksto, sinuri ang estruktura, at isinalin sa wikang Filipino upang higit na maunawaan ang kanilang anyo at gamit sa partikular na lipunan.

3.0 METODOLOHIYA

Ang disenyo ng pananaliksik na ito ay kwalitatibong deskriptibo. Ginamit ito upang mailarawan at masuri ang mga rehistro ng wika ng mga magsasaka, mangingisda, at simbahan batay sa estruktura, gamit, at konteksto ng mga ito sa partikular na lipunan. Ang deskriptibong disenyo ay tumutukoy sa paglalarawan ng mga umiiral na wika, salitang teknikal, at istilo ng komunikasyon ng mga kalahok sa kanilang araw-araw na gawain.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay ang mga magsasaka, mangingisda at mga taong aktibo sa simbahan tulad lay ministers, collectors, lectors, choir leaders, at iba pa. Ang mga kalahok na kinuha ay nagmula sa piling barangay sa Maasin, Southern Leyte, at pinili gamit ang purposive sampling. Tigdadalawampung mga kalahok sa bawat konstekstong kinuha.

Ang pangunahing instrumento sa pagkalap ng datos ay ang semi-estrakturang panayam (semi-structured interview guide) binubuo ng mga bukas na tanong tungkol sa mga salitang espesipiko, kahulugan, gamit, at estruktura ng mga ito. Field notes at voice recorder, para sa dokumentasyon ng aktwal na wika o diskurso. At audio recording upang masuri ang estruktura ng mga rehistrong salita. Pagkatapos nakalap ang datos isinagawa ang pagbibigay kahulugan. Pangalawa ay ang pagsusuri sa leksikal at gramatikal na pagsusuri sa bawat nakalap na wika mula sa tatlong konteksto.

4.0 PAGLALAHAD NG RESULTA NG PAG-AARAL

Ipinakita sa Talahanayan 1 ang mga register na wika sa tatlong konteksto. Ganoon din kung anong kayarian ng salita at bahagi ng pananalita ang mga nakatalang katawagan o wika.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 1: Mga Register na Wika ng mga Magsasaka, Mangingisda at sa Simbahan, Kayarian ng salita at Bahagi ng Pananalita Nito

Mga Salita	Mga kalahok	Kahulugan	Kayarian/Anyo ng salita	Bahagi ng pananalita
abay	magsasaka	kasali sa entourage ng kasal katawagan sa mga magbabarkada	payak	pangngalan
	mangingisda	kasali sa entourage ng kasal katawagan sa mga magbabarkada	payak	pangngalan
	sa simbahan	kasali sa entourage ng kasal	payak	pangngalan
abuno	magsasaka	Pampataba	payak	pangngalan
	mangingisda	dagdag puhunan	payak	pangngalan
	sa simbahan	Pampataba	payak	pangngalan
ag-ag	magsasaka	ito ay proseso ng paghihiwalay ng maliit at malaking mais na giniling gamit ang net. ang maliit na mais ay minsan ginamit para sa paggawa ng suman at minsan sinaing para ipakain sa baboy	payak	pandiwa
	mangingisda	pagtanggal ng tinik sa tuyom	payak	pandiwa
	sa simbahan	ito ay proseso ng paghihiwalay ng maliit at malaking mais na giniling gamit ang net. ang maliit na mais ay minsan ginamit para sa paggawa ng suman at minsan sinaing para ipakain sa baboy	payak	pandiwa
alagad	magsasaka	Maipaglilingkod	payak	pandiwa
	mangingisda	Maipaglilingkod	payak	pandiwa
	sa simbahan	Maipaglilingkod	payak	pandiwa
amahan	magsasaka	ama	payak	pangngalan
	mangingisda	Ama	payak	pangngalan
	sa simbahan	ama Panginoon	payak	pangngalan
ampu	magsasaka	nagdarasal susuko	payak	pandiwa pandiwa
	mangingisda	nagdarasal susuko	payak	pandiwa pandiwa
	sa simbahan	Nagdarasal	payak	pandiwa pandiwa
ariya	magsasaka	ibigay alis	payak	pandiwa
	mangingisda	pag-alis ng bangka	payak	pandiwa
	sa simbahan	Alis	payak	pandiwa
awung	magsasaka	lupang hindi masinagan ng araw dulot ng may maraming kahoy o ilalim ng niyugan	payak	pang-uri
	mangingisda	isang tradisyonal na gamit o kasangkapan sa pangingisda, na karaniwang yari sa kawayan o uway. ito ang ginamit ng komunidad/mga tao na malapit sa ilog, ginagamit ito bilang paraan ng paghuli ng isda.	payak	pandiwa
	sa simbahan			

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

bayaw	magsasaka	asawa ng kapatid na lalaki o babe	payak	pangngalan
	mangingisda	asawa ng kapatid na lalaki o babe	payak	pangngalan
	sa simbahan	bahagi ng liturhiya sa misa	payak	pandiwa
bihud	magsasaka	mga bulaklak ng palay na nagsisimulang mabuo sa loob ng tangkay.	payak	pangngalan
	mangingisda	mga itlog ng isda, sa mas simpleng salita, ito ang mga hindi pa napipisang itlog na matatagpuan sa loob ng tiyan ng babaeng isda.	payak	pangngalan
	sa simbahan			
bija	magsasaka	umalis pangit dehado (sabungerong magsasaka)	payak	pandiwa pang-uri pang-uri
	mangingisda	umalis pangit dehado (sabungerong mangingisda)	payak	pandiwa pang-uri pang-uri
	sa simbahan	umalis pangit	payak	pandiwa pang-uri
bitin	magsasaka	kulang ahas	payak	pang-uri pangngalan
	mangingisda	kulang	payak	pang-uri
	sa simbahan	kulang	payak	pang-uri
buguk	magsasaka	itlog ng manok na hindi na pwede kainin bubo/walang alam	payak	pang-uri pang-uri
	mangingisda	uri ng isda bubo/walang alam	payak	pangngalan pang-uri
	sa simbahan	bubo/walang alam	payak	pang-uri
buwad	magsasaka	patuyuin ang palay o anumang uri ng mga na harvest mula sa pagsasaka matapos itong anihin	payak	pandiwa
	Mangingisda	tuyo (isdang ibinilad sa init)	payak	pangngalan
	sa simbahan	tuyo (isdang ibinilad sa init)	payak	pangngalan
kabit	magsasaka	dugtong kirida	payak	pandiwa pangngalan
	mangingisda	dugtong kirida	payak	pandiwa pangngalan
	sa simbahan	dugtong kirida	payak	pandiwa pangngalan
kapikas	magsasaka	kahati	maylapi	pangngalan
	mangingisda	kahati	maylapi	pangngalan
	sa simbahan	asawa	maylapi	pangngalan
kristo	magsasaka	Panginoon sa mga magsasakang pupunta na sabong, ito ay nangangahulugan, ito ang taong magdadala ng pusta sa mga nagpunta sa sabong/masyador	payak	pangngalan pangngalan
	mangingisda	Panginoon	payak	pangngalan
	sa simbahan	Panginoon	payak	pangngalan
dom	magsasaka	hindi nagpapakita ang buwan (madilim)	payak	pang-uri

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

	mangingisda	hindi nagpapakita ang buwan (madilim)	payak	pang-uri
	sa simbahan	hindi nagpapakita ang buwan (madilim)	payak	pang-uri
hagad	magsasaka	uri ng niyog anyaya	payak	pang-uri pandiwa
	mangingisda	anyaya	payak	pandiwa
	sa simbahan	anyaya	payak	pandiwa
labaw	magsasaka	lamang	payak	pang-uri
	mangingisda	lamang	payak	pang-uri
	sa simbahan	Panginoon/pinuno	payak	pangngalan
lingkod	magsasaka	umupo	payak	pandiwa
	mangingisda	umupo	payak	pandiwa
	sa simbahan	pagseserbisyo	payak	pandiwa
lutaw	magsasaka	ito ay paglalarawan ng isang sitwasyon na katulad ng sa palay o mga gulay na lumulutang sa ibabaw ng tubig dahil sa sobrang taas ng tubig, na siyang nagiging sanhi ng kanilang pagkamatay	payak	pang-uri
	mangingisda	pagkain na karaniwang ginagamit sa pagpapakain sa mga isda sa palaisdaan.	payak	pangngalan
	sa simbahan			
mamukad	magsasaka	paraan ng pagkuha ng mga halamang gamot	maylapi	pandiwa
	mangingisda	nangangahulugang pagsisimula ng isang paglalakbay ng mangingisda para manguha ng isda	payak	pandiwa
	sa simbahan			
pasar	magsasaka	nalipasan ng pagkain	payak	pang-uri
	mangingisda	nalipasan ng pagkain	payak	pang-uri
	sa simbahan	nalipasan ng pagkain pasado	payak	pang-uri
pasol	magsasaka			
	mangingisda	paraan ng pangungusa ng isda gamit ang fishing line o hook-and-line	payak	pangngalan
	sa simbahan			
pildi	magsasaka	talo	payak	pang-uri
	mangingisda	talo	payak	pang-uri
	sa simbahan	talo namatay	payak	pang-uri pang-uri
pugas	magsasaka	pagtatanim ng binhi	payak	pandiwa
	mangingisda			
	sa simbahan	pagtatanim ng binhi paggawa ng mabuting gawain	payak	pandiwa pandiwa
regla	magsasaka	buwanang dalaw para sa magsasakang sabungero ito ay nangangahulugang pampaswerte	payak	pangngalan pang-uri
	mangingisda	buwanang dalaw	payak	pangngalan pang-uri

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

		para sa magsasakang sabungero ito ay nangangahulugang pampaswerte		
	sa simbahan	buwanang dalaw	payak	pangngalan
saad	magsasaka	pangako uri ng kagamitang ginamit sa paghaharvest ng palay	payak	pandiwa pangngalan
	mangingisda	pangako	payak	pandiwa
	sa simbahan	pangako	payak	pandiwa
sapsap	magsasaka	proseso ng paglilinis at pag-aayos ng pilapil.	payak	pandiwa
	mangingisda	uri/klase ng isda	payak	pangngalan
	sa simbahan			
similia	magsasaka	ito ay katumbas sa english na seedling	payak	pangngalan
	mangingisda	ito ang tawag ng itlog ng mga isda	payak	pangngalan
	sa simbahan			
tawag	magsasaka	tinawag ang pangalan	payak	pandiwa
	mangingisda	tinawag ang pangalan	payak	pandiwa
	sa simbahan	pagpapaalam sa mga nagsisimba sa magnobyang pagpapakasal na babasin bago o minsan pagkatapos ng misa	payak	pandiwa

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa sosyolingguwistikong pagsusuri ng estruktura at gamit ng wika (o rehistrong wika) sa tatlong kontekstong panlipunan sa lokal na pamayanan ang sektor ng mga magsasaka, mangingisda, at simbahan. Sa pagsusuri inilahad sa Talahanayan 1 ang mga salitang karaniwang ginagamit sa mga nabanggit na sektor, na sumasalamin sa kanilang partikular na gamit, anyo, at kahulugan batay sa konteksto. Ang konsepto ng *register* o rehistro ng wika ay tumutukoy sa espesyalisadong paggamit ng salita depende sa larangang panlipunan na kinabibilangan ng tagapagsalita.

Pagkakaiba sa Kahulugan Ayon sa Konteksto

Makikita sa resulta ng pananaliksik na maraming salitang ginagamit sa iba't ibang konteksto ay polysemous, nangangahulugang nagtataglay ang mga ito ng higit sa isang kahulugan batay sa partikular na kontekstong pinanggalingan. Ang ganitong semantikong katangian ay hindi lamang nagpapakita ng kahusayan ng wika sa pag-angkop sa iba't ibang larangan, kundi pati na rin ng malalim na kaugnayan ng wika sa kulturang kinabibilangan nito. Ayon kina Biber at Conrad (2019), ang domain-specific language use ay isang mahalagang aspekto sa pag-unawa ng lingguwistikong pagkakaiba-iba sa lipunan, dahil dito malinaw na ipinakita kung paano nagbabago ang kahulugan ng isang salita ayon sa gamit nito sa partikular na larangan.

Isang malinaw na halimbawa nito ang salitang *abuno*. Sa konteksto ng magsasaka at simbahan, ito ay tumutukoy sa pampataba ng lupa. Ngunit sa sektor ng pangingisda, ang parehong salita ay nangangahulugang dagdag puhunan o kapital na ginagamit upang makapagsimula o makapagpatuloy ng hanapbuhay.

Isa pang halimbawa ang salitang *ag-ag*. Sa mga magsasaka at sa simbahan, ito ay ginagamit upang tukuyin ang proseso ng pagsala ng mais isang gawaing may kinalaman sa paghihiwalay ng bahagi ng pananim. Samantalang sa mga mangingisda, ang *ag-ag* ay tumutukoy sa pagtanggal ng tinik sa tuyom (sea urchin). Bagamat magkakaiba ang materyal na inaalis mais o tinik iisa ang semantikong sentro nito ang kilos ng *paghihiwalay o paglilinis*, na may parehong layunin ng pagdadalisay, isang mahalagang konsepto sa iba't ibang gawain at konteksto.

Ang salitang *bihud* naman ay nagpapakita rin ng kapansin-pansing semantic relation. Sa larangan ng agrikultura, ito ay tumutukoy sa bulaklak ng palay, na isang mahalagang bahagi ng siklo ng tanim bago ito maging bunga o butil. Sa pangingisda, ito ay nangangahulugan ng itlog ng isda, na siyang pinagmumulan ng bagong buhay sa ilalim ng dagat. Bagamat nagkakaiba sa anyo at pinanggagalingan, ang parehong gamit ng *bihud* ay konektado sa prosesong reproduktibo, na nagpapahiwatig ng semantikong koneksyon sa pagitan ng agrikultura at pangingisda bilang mga sistemang umaasa sa siklo ng buhay para sa kabuhayan.

Sa kabilang banda, ang salitang *kristo* ay nagbibigay ng malinaw na halimbawa ng semantic divergence isang kakaibang kahulugan depende sa kontekstong pinaggagamitan. Sa simbahan, ang *Kristo* ay tumutukoy sa Panginoong Hesukristo, na ito ang sentro sa pananampalatayang Kristiyano. Subalit sa sabungan, na kadalasang bahagi rin ng buhay-kultura ng mga magsasaka at mangingisda, ang *kristo* ay tumutukoy sa isang taong nangangasiwa sa pustahan, o tinatawag ding *masyador*. Ayon kay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Palmer (2022), ang ganitong pragmatikong paglilihis sa kahulugan ay resulta ng partikular na gampanin at pook ng tagapagsalita, na nagpapahiwatig ng dinamismo ng wika bilang kasangkapan ng tao sa iba't ibang konteksto ng lipunan.

Sa kabuuan, ang mga halimbawang ito ay nagpapakita na ang wika, partikular ang leksikon, ay hindi lamang teknikal na representasyon ng bagay o ideya kundi isang buhay na sistema ng kahulugan na iniaangkop ng mga tagapagsalita batay sa kanilang kontekstong panlipunan, kultural, at ekonomiko. Ang semantikong ugnayan at paglihis ay patunay ng malawak na kakayahan ng wika upang magsilbing salamin ng karanasan at realidad ng iba't ibang sektor ng lipunan.

Pagkakapareho at Pagkakaiba sa Kayarian ng Salita

Batay sa datos, malinaw na lumitaw ang pagkakatulad at pagkakaiba sa kayarian ng mga salitang ginagamit sa tatlong sektor magsasaka, mangingisda, at simbahan. Karamihan sa mga salitang ito ay may *payak na kayarian*, gaya ng *abay*, *abuno*, *bitin*, at *buwad*. Ang mga salitang ito ay direktang nag-ugat mula sa mga likas na anyo ng wika, na hindi ginamitan ng panlapi o inuulit na bahagi. Ang pagiging payak ng mga salitang ito ay nagpapahiwatig ng pagiging likas, orihinal, at malapit sa karanasang pang-araw-araw ng mga taong kabilang sa nasabing sektor. Ayon kay Javier (2022), ang paggamit ng mga payak na salita ay kadalasang tumutugon sa praktikal na pangangailangan ng komunikasyon, lalo na sa mga di-pormal at tradisyonal na konteksto, kung saan ang mabilis at malinaw na pakikipag-usap ang pangunahing layunin.

Samantala, natukoy rin ang paggamit ng mga *maylaping salita* tulad ng *kapikas* at *mamukad*. Ang mga ito ay bunga ng prosesong morpolohikal, partikular sa pagdaragdag ng panlapi sa salitang-ugat upang makalikha ng bagong kahulugan o upang maipakita ang relasyong semantiko. Ipinapakita nito na ang wika ay isang buhay na sistema hindi ito nananatili sa isang anyo kundi patuloy na nagbabago batay sa pangangailangan ng tagapagsalita at sa kontekstong panlipunan. Ayon kina Lopnao at Immangdul (2022) ang morpolohikal na pagbabago sa wika ay sumasalamin sa kakayahan nitong umangkop sa panibagong realidad, teknolohiya, at karanasang panlipunan. Samakatuwid, ang presensya ng mga maylaping salita ay indikasyon ng pagkamalikhain at inobasyon ng mga tagapagsalita sa lokal na konteksto.

Ang ganitong distribusyon ng kayarian mula sa payak hanggang sa maylapi ay nagpapahiwatig ng dinamismo ng wika sa mga sektor. Ipinapakita nito kung paanong ang leksikon ng isang komunidad ay hinuhubog hindi lamang ng tradisyon kundi pati ng kasalukuyang mga pangyayari, trabaho, at karanasang panlipunan. Sa ganitong paraan, ang wika ay nagiging salamin ng buhay, gawain, at ugnayan ng tao sa kaniyang kapaligiran.

Bahagi ng Pananalita

Ang mga salitang nakalap ay kinabibilangan ng iba't ibang bahagi ng pananalita. Batay sa pagsusuri nakakitaan ng tatlong bahagi ng pananalita ang mga salitang nakalap. Ito ay ang **pangngalan** ang mga pangngalang salita na nakikita sa talahanayan ay *bihud, abay, kristo, kapikas* na tumutukoy sa mga tao, bagay, o kaisipan. Ang mga salitang *ag-ag, pugas, ariya, lingkod* na nagpapahayag ng aksyon o kilos, karaniwang kaugnay ng gawain o tungkulin o mga salitang **pandiwa.** At mga salitang **pang-uri** tulad ng *buguk, bitin, dom, pildi* na naglalarawan ng kalagayan, kalidad, o damdamin.

Batay sa resultang ito ipinapakita na mahalagang tandaan na may mga salitang nagbabago ng bahagi ng pananalita depende sa gamit sa pangungusap, isang aspeto ng *functional shift* na kalimitang nangyayari sa dayalekto o varayti ng wika sa lokal na antas (Bruma at Marbella, 2021).

Sa kabuuan, ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita ng *semantic variation,* na nangangahulugang ang isang salita ay maaaring magkaroon ng iba't ibang kahulugan depende sa kontekstong panlipunan kung saan ito ginagamit. Ipinakikita ng ganitong uri ng pag-aaral ang matibay na ugnayan ng wika sa panlipunang papel, propesyon, at kultura, na siyang pangunahing interes ng sosyolingguwistika.

Ayon kay Cruzada (2024) ang pag-aaral ng mga rehistrong wika sa mga lokal na pamayanan ay mahalaga hindi lamang sa dokumentasyon ng wika kundi bilang pagkilala sa natatanging identidad ng mga sektor. Sa konteksto ng *domain-specific language*, lumilinaw ang ideya na ang bawat sektor ay may partikular na rehistro na hindi agad mauunawaan ng mga tagalabas, kaya't kinakailangan ang mas malalim na pagsusuri upang maipaliwanag ito sa mas malawak na perspektibo. Ang resulta ng pag-aaral, ay malinaw na ipinakita na ang wika ay higit pa sa simpleng kasangkapan ng komunikasyon. Ito ay nagsisilbing salamin ng ugnayang panlipunan, kultura, at ekonomiya ng bawat sektor.

5.0 KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ipinakikita ng pananaliksik na ang rehistro ng wika sa mga sektor ng mga magsasaka, mangingisda, at simbahan ay may natatanging leksikal at morpolohikal na katangian na sumasalamin sa kanilang pang-araw-araw na gawain, paniniwala, at ugnayang panlipunan. Ang pagkakaiba sa kahulugan, kayarian ng salita, at bahagi ng pananalita ay nagpapatunay sa sosyolingguwistikong prinsipyo na ang wika ay nabubuo at umuunlad ayon sa kontekstong panlipunan. Sa kabuuan, malinawa na ang wika ay isang aktibong bahagi ng panlipunang realidad, at ang bawat sektor ay may natatanging diskurso na dapat kilalanin at igalang. Iminungkahi na magkakaroon ng patuloy na pagsasaliksik, dokumentasyon, at pag-archive ng mga rehistrong wika sa mga lokal na sektor upang mapanatili ang yaman ng wika at maiwasan ang pagkawala ng mahahalagang termino na may historikal at kultural na kahalagahan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

6.0 SANGGUNIAN

1. *Cruzada, M. (2024). Pagsusuri sa mga register ng wika ng mga magsasaka sa Silago. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 10 (7). https://doi.org/10.36713/epra2013*
2. *Javier, J. (2022). Sosyolinggwistikong pagsusuri sa lexical choice ng kontemporaryong gamit ng wikang Filipino. The Legacy of Consuelo Paz: A Festschrift: UP Center for International Studies*
3. *Bruma, R. at Marbella, F. (2021). Lingguwistikong katangian ng mga wikain. Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development, 9 (1).*
4. *Labov, W. (1963) 'The social motivation of language change', Word, 19: 273–309.*
5. *Lopnao, C. at Immangdul, H. (2022). Morpolohiya ng wikang ayangan: Isang pag-aaral. American Journal of Humanities and Social Research (AJHSSR). 6 (7). Pp. 96-116.*
6. *Pasion, R. (2022). Konotatibong kahulugan ng ilang mga awitin ni Regine Velasquez: Isang pagsusuri. International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, 2 (3).*
7. *Pelesco, J. at Borong, N. (2021). Mga bahagi ng pananalita sa iba't ibang kontekstong sosyal: Implikasyon sa pagtuturo ng mother tongue. International Multilingual Journal of Science and Technology (IMJST), 6(7).*
8. *Silawan, F. (2025). Glosaryo ng wika sa mga magsasaka. International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 11 (12). https://doi.org/10. 36713/epra2013.*